EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
RIYADH

PR-059-2015

Mga Pilipino Pinaaalahanan na Bawal Gamitin ang Pasaporte bilang Kolateral o Panggarantiya sa Utang

(Riyadh, ika-28 ng Abril 2015) – Pinaaalahanan ng Embahada ng Pilipinas sa Riyadh ang lahat ng mga Pilipino sa Saudi Arabia na **bawal gamitin ang pasaporte bilang kolateral o panggarantiya sa utang.**

Ayon sa DFA Foreign Service Circular No. 214-99 na inisyu noong ika-19 ng Agosto 1999, ang pasaporte na ginamit bilang kolateral o panggarantiya para sa isang utang o iba pang obligasyong pinansiyal ay **napapawalang-bisa agad sa oras na ini-report ito** ng taong pinagkalooban ng pasaporte.

Dahil sa agarang pagkansela, **walang silbi** ang pasaporte bilang kolateral o panggarantiya.

Dagliang ipag-bigay alam sa Consular Section ng Embahada kung mayroong mga tao, grupo, tindahan o kumpanya na humihingi ng pasaporte bilang kolateral, sa pamamagitan ng **pagtawag sa 011 482 3816 o pag-email sa consular@philembassy-riyadh.org**

Binibigyang-diin ng Embahada na ang lahat ng pasaporte ng Pilipinas ay opisyal na dokumento na **pagmamay-ari ng Gobyerno ng Pilipinas**, at hindi ng taong pinagkalooban nito. Ang pasaporte ay dapat gamitin sa paglalakbay o bilang isang identification document lamang. **(WAKAS)**

Diplomatic Quarter, P.O. Box 94366 Riyadh 11693
Code +96611 Telephone: 482-3559 / 482-0507 / Fax: 488-3945
Website : www.riyadhpe.dfa.gov.ph Email : riyadh.mis@dfa.gov.ph